Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

*FILIPINO 1*

# *Modyul 15*

## *Pagsasalaysay at Pagbuo ng mga Reaksyon sa mga Idea, Proposisyon at Panukala*

# *Modyul 15*
# *Pagsasalaysay at Pagbuo ng mga Reaksyon sa mga Ideya, Proposisyon at Panukala*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Mahilig ka bang pumunta sa iba't ibang lugar?

Kung oo, natutuwa ako para sa iyo. Tiyak na marami kang nakilalang tao at nakuhang impormasyon sa lugar na iyong pinuntahan. Kaya naman siguradong kawiwilihan mo ang modyul na ito sapagkat mamasyal tayo. YEHEEY!

Kung hindi "oo" ang iyong sagot huwag kang mag-alala dahil hawak mo ngayon ang pagkakataong pumunta sa ibang lugar. Kasama kitang mamasyal. YIPEEE!

Saan tayo pupunta?

Ipapasyal kita sa EDSA! Isa ito sa pinakamahabang lansangan sa Metro Manila. Iba't ibang sasakyan ang dumadaan dito araw-araw. Maraming matataas na gusali ang matatagpuan dito.

Babalikan natin ang mga nakaraang pangyayari sa Epifanio de los Santos Aveñue o EDSA kaya marami kang makikilalang personalidad, matutuklasang alaala at matutunang aral mula sa ating kasaysayan.

Sa tulong ng modyul na ito, masaya mong makikita ang kwento ng mga Pilipino tungkol sa P*eoplePpower* sa EDSA noong Pebrero 1986 at P*ager Revolution* ng EDSA DOS noong Enero 2001.

Gagamitin rin natin ang paksang ito para matamo mo ang ilang kasanayang pangwika.




## *Ano ang matututunan mo?*

Alam mo ba na libre ang pag-uusyoso sa bawat kalye kaya kung ako sa iyo samantalahin mo nang husto para pagkatapos nating mamasyal sa EDSA ay marami kang maikuwento sa kapatid o kaibigan mo.

Pagkatapos ng modyul na ito, maari mo nang ipagmalaki ang iyong sarili dahil:

1. nakapagkukuwento ka na tungkol sa ating kasaysayan na puno ng pag-asa para sa hinaharap.
2. nakpagpapahayag ka na ng obserbasyon at opinyon sa paraang malinaw upang makabuo ng positiv na pananaw sa mga bagay-bagay.
3. nakapagbibigay ka na ng puna, panukala at reaksyon tungkol sa binabasang teksto at proposisyon.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

1. Basahin at unawain nang mabuti ang gagawin bago magsimula.

2. Lumapit at magtanong sa titser o sino man sa akala mong handang tumulong sa iyo kung sakaling hindi mo maunawaan ang direksyon sa isang partikular na gawain.

3. Isulat sa sariling notbuk ang mga sagot at iwasang lagyan ng anumang marka ang bawat pahina dahil gagamitin pa ng iba ang modyul na ito.

4. Tapusin muna ang bawat gawain bago buksan ang kasunod na pahina --maging matiyaga.

5. Kunin sa iyong titser ang listahan ng tamang sagot kapag tapos mo nang sagutang mag-isa ang *panimulang-sulit* at *panapos-sulit* --maging tapat sa sarili.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Naranasan mo na ba ang tumawid sa nakabiting tulay o *hanging bridge*? Isipin mo sa bawat hakbang ay para kang nakikipagsapalaran katulad ngayon habang tinatawid mo ang panimulang pagsusulit.

A. Piliin ang tamang impormasyon upang makumpleto ang kwento ni Ferdie tungkol sa nangyari sa EDSA noong 1986. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.


Alam n'yo ba ang nanay ko ay kasama sa
**(A. People Power B. Pager Revolution C. Peaceful Rally)**
**1**
noong 1986. Ang kwento n'ya, doon siya natulog sa kalye at napakaraming tao na kahit hindi magkakilala ay **( A. nagyakapan at nag-iyakan B. nagsayawan at nagkantahan C. nagkwentuhan at nagkantahan).**
**2 at 3**
Hindi ka magugutom dahil **( A. may mga nagtitinda B. pwedeng umuwi C. bigayan ng pagkain).**
**4**
Magdamagan silang nagvi-*vigil* para ipagdasa na bumaba na sa puwesto si
**( A. Fabian Ver B. Imelda Marcos C. Ferdinand Marcos)**
**5**
kaya naman naiyak sila sa tuwa nang narinig nila sa radyong umalis na mula sa **( A. Malacañang B. Batasan C.Liwasang Bonifacio)**
**6**
ang mga Marcos bandang alas- **( A.7 B..8 C.9)** ng gabi papuntang
**7**
**(A.Guam B. Saipan C. Hong Kong)**.
**8**
Tuwang-tuwa si Nanay nang nakamayan ang dalawang mataas na opisyal ng militar na sina **( A. Enrile at Ramos B. Ver at Honasan C. Ver at Enrile).**
**9 at 10**
Sabi n'ya, "Alam mo anak, pakiramdam ko bayani rin ako!"



B. Piliin ang wastong salita/parirala upang mabuo ang pahayag ni Jigs. Isulat sa notbuk ang titik ng tamang sagot.

Maganda ang modyul na ito kasi marami kang malalaman tungkol sa EDSA **(A. noong B. habang C. kasi)** 1 nagkaroon ng P*eoplePpower* at P*agerRevolution*.. Matutuklasan mong nangyari ulit ang *people power* sa EDSA **( A. pagkalipas B. nagkataon C. katulad)** 2 ng halos 15 taon. Ang mga Pilipino ay nagsimulang magkaisa **( A. sapagkat B. dahil sa C. mangyari)** 3 pagkamatay ng matapang na lider ng oposisyon na si Ninoy Aquino. Sunud-sunod ang mga demonstrasyon sa lansangan **(A. kasi B. pagkaraan C. hanggang sa )** 4 dumating ang sandali na **( A. tila B. dapat C. totoong)** 5 nakonsensya na sina Enrile at Ramos **( A. nang B. habang C. subalit)** 6 tumiwalag sila sa administrasyon ng diktador na si Marcos **( A. noong B. pagkaraan C. hanggang sa)** 7 ika-22 ng Pebrero 1986. Grabe, nakakabilib! **(A.Dahil B. Dapat C. Subalit)** 8 walang dumanak na dugo sa lansangan ng EDSA kahit nagpadala ng **( A. sandaling B. taong C. panahong )** 9 iyon si Marcos ng mga tangke sa labas ng Kampo Krame. Maraming Pilipino, mahirap at mayaman, ang sama-samang nanalangin at nagbantay sa loob ng tatlong araw.

**(A. Sa wakas B. Tunay C. Kamakalawa)** 10, dumating din ang hinihintay ng taong bayan, bumaba sa pwesto si Marcos bilang pangulo ng Pilipinas bandang alas 9:00 ng gabi. Nagsaya ang buong bansa!



Nasagutan mo na ba ang panimulang pagsusulit? Kung oo, maaari mo nang kunin sa iyong titser ang susi ng Tamang Sagot.

Nalaman mo na ba ang iyong iskor? Kung oo, ano ang iyong pakiramdam?

Maari kang pumili ng isang mukha na angkop para sa nararamdaman mo ngayon at idrowing ito sa iyong notbuk.



Lahat ng mukha ay tama ayon sa kung ano ang iyong pakiramdam. Tandaan mo na mahalaga ang damdamin ng bawat tao at dapat itong igalang.

## Sub-Aralin 1

## Pagsasalaysay

Layunin:

Pagkatapos mong daanan ang kalyeng *Balik-Tanaw,* inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. natutukoy at nakabubuo ng mga salita/ pangungusap na nagpapakilala ng paraan ng pagsasalaysay/ pagkukwento.
2. natutukoy at nakabubuo ng mga salita/pangungusap na nagpapakilala ng pagkamakatotohanan ng ideya.
3. natutukoy ang mga salitang may higit sa isang kahulugan.
4. nakikilala at nagagamit nang wasto ang mga salita na nagwawakas ng ideya.

**Alamin**

Gawain 1: "Hulaan Mo Kung Sino?"

Magaling ka bang manghula? Dahil iyan ang unang gawain para makilala mo kung sino ang mga personalidad sa EDSA noong 1986.

Tutulungan kita dahil mayroon akong inihandang MENU. Madali lang ang gagawin,

Piliin mo mula sa MENU ang <u>pangalan</u> ng mga taong nasa larawan.

Handa ka na ba? Sige, simulan mo na.

Isulat sa sariling notbuk ang iyong sagot.




1. ____________



2. ___________




3. ___________



4. __________



5. ____________



6. ___________

MENU

*Presidential Candidate*
**Corazon C. Aquino**
*Defense Minister*
**Juan Ponce Enrile**
*Deputy Chief of Staff*
**Fidel V. Ramos**
*Manila Archbishop*
**Jaime Cardinal Sin**
*Chief Security Officer*
**Gregorio Honasan**
*Incumbent President*
**Ferdinand E. Marcos**

Naisulat mo ba lahat ang sagot sa iyong notbuk?

Tingnan natin kung tama ang mga hula mo.

Basahin ang mga pangalan ng kilalang personalidad ng P*eople Power* sa EDSA noong 1986. Tandaan mo ang kanilang mukha.



1. Fidel V. Ramos



2. Jaime Cardinal Sin




3. Corazon C. Aquino



4. Gregorio Honasan



5. Juan Ponce Enrile



6. Ferdinand E. Marcos

Tama ba lahat ang hula mo? Kung oo, magaling!

Kung sakaling hindi, makatutulong kung tatandaan mo nang husto ang kanilang pangalan at mukha para kapag nakita mo uli ang kanilang litrato o nakita mo sila sa telebisyon, hindi ka na manghuhula dahil kilalang-kilala mo na sila!

**Linangin**

Kilalanin pa natin nang husto ang mga personalidad sa EDSA noong 1986 sa pamamagitan ng <u>pagsulat</u> ng angkop na salita at <u>pagdidikit</u> ng kanilang larawan.

Unahin natin ang pagsulat, subukin mong buuin ang mga sumusunod na impormasyon sa loob ng kahon sa tulong ng mga salita/parirala na nagpapakita ng paraan ng pagsasalaysay. Madali lang ito.

Nasa tabi mo ako, tingnan mo ang itinuturo ng aking daliri. Iyan ang mga salitang pagpipilian mo para mabuo ang impormasyon.

Handa ka na ba?
Isulat sa notbuk ang iyong sagot.

- pagkaraan
- noon
- kauna-unahang
- pagkalipas
- pangyayari
- hanggang sa

**(1)**

Makapangyarihang boses ng simbahang Katoliko ng Pilipinas. Siya ang humikayat sa mga tao na pumanig at bantayan ang Katotohanan sa pamamagitan ng pagpunta __________sa lansangan ng EDSA.

**(2)**

Isa sa mga pinakamataas na opisyal ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas na sumuporta kay Enrile para mag-alsa laban kay Marcos taong 1986. ____________naging ika-12 pangulo ng Pilipinas kasunod ni Aquino.

**(3)**

Anak siya sa labas at lumaki sa hirap kaya naging matapang na gerilya noong World War II. Pagkatapos ay naging sundalo___________ ____________ naging mataas na opisyal ng militar. Tumiwalag sa diktadurya ni Marcos at nanguna sa P*eople Power*.

**(4)**

Batang-batang opisyal ng militar bilang hepe ng seguridad ng Ministro ng Depensa. Nagbunga ng maraming medalya ang ipinamalas niyang tapang sa_______ sa EDSA.

**(5)**

Siya ay nagtapos ng *magna cum laude* sa U.P. at naglingkod bilang makabayan, matapang at mahusay na pinuno ng bansa. Subalit____________ ng maraming taon ay nalasing sa kapangyarihan kaya naging diktador siya ng bayan.

**(6)**

Kabiyak ng tanyag na lider ng oposisyong si Ninoy Aquino. Pumasok sa politika dala ng paniniwala niyang dapat nang wakasan ang diktadurya. Siya ang________________ babaeng pangulo ng Pilipinas.

Kumpleto na ba ang sagot mo sa bawat kahon simula bilang 1-6? May nais ka pa bang balikan at baguhin? Kung mayroon, gawin mo muna bago ka magpatuloy.

Kung wala na, basahin mo nang tahimik ang impormasyon kasama ang angkop na salita na pinili mo para sa kahon bilang 1-6.

Balikan ang iyong sagot sa notbuk, tingnan kung napili mo ang mga sumusunod na salita para sa bawat bilang:

1. noon
2. pagkaraan
3. hanggang sa
4. pangyayari
5. pagkalipas
6. kauna-unahang

Tama ba lahat ang sagot mo? Kung oo, binabati kita!

Kung hindi, tanggapin mo ang hamon na muling sumubok sa susunod na pagkakataon at matuto sa pagkakamali. Ang mga nakilala mong personalidad sa EDSA noong 1986 ay dumaan din sa karanasan na minsan 'tama' at minsan 'mali.' Anuman ang resulta, ang mahalaga ay natuto ka mula rito.

Dahil buo na ang ideya ng impormasyon ay madali mo nang matutukoy kung sino ang taong inilalarawan sa loob ng kahon.

Kung mayroon kang makukuhang litrato sa magasin o sa dyaryo, maari mo itong gupitin at idikit sa iyong notbuk at kopyahin mo mula sa modyul na ito ang tamang impormasyong nauukol sa bawat larawan.

Kung sakaling wala kang makuhang litrato, mayroon tayong ibang plano/alternatibo. Ganito, pagmasdan mong mabuti ang mga sumusunod na larawan. Piliin mo kung sino sa kanila ang tinutukoy sa mga pahayag sa bawat kahon.


Fidel V. Ramos


Gregorio Honasan


Jaime Cardinal Sin


Juan Ponce Enrile



Corazon C. Aquino


Ferdinand E. Marcos

Isulat ang kanilang pangalan sa iyong notbuk at kopyahin ang tamang impormasyon mula sa modyul na ito.

Tapos ka na? Mayroon ka bang nais baguhin? Gawin mo muna bago magpatuloy.

Kung tapos ka na, tingnan ang mga <u>larawan</u> at <u>pangalan</u> ng personalidad sa loob ng kahon at alamin kung tama ang mga sagot mo:

**Jaime Cardinal Sin**



Makapangyarihang boses ng simbahang Katoliko ng Pilipinas. Siya ang humikayat sa mga tao na pumanig at bantayan ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpunta __noon__ sa lansangan ng EDSA.

**(1)**

**Fidel V. Ramos**



Isa sa mga pinakamataas na opisyal ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas na sumuporta kay Enrile para mag-alsa laban kay Marcos taong 1986. __Pagkaraan___ , naging ika-12 pangulo ng Pilipinas kasunod ni Aquino.

**(2)**

**Juan Ponce Enrile**



Anak siya sa labas at lumaki sa hirap kaya naging matapang na gerilya noong World War II. Pagkatapos ay naging sundalo hanggang sa naging mataas na opisyal ng militar. Tumiwalag sa diktadurya ni Marcos at nanguna sa *people power*.

**(3)**

**Gregorio Honasan**



Batang-batang opisyal ng militar bilang hepe ng seguridad ng Ministro ng Depensa. Nagbunga ng maraming medalya ang ipinamalas niyang tapang sa pangyayari sa EDSA.

**(4)**

**Ferdinand E. Marcos**



Siya ay nagtapos ng *magna cum laude* sa U.P. at naglingkod bilang makabayan, matapang at mahusay na pinuno ng bansa. Subalit pagkalipas ng maraming taon ay nalasing sa kapangyarihan kaya naging diktador siya ng bayan.

**(5)**

**Corazon C. Aquino**




Kabiyak ng tanyag na lider ng oposisyong si Ninoy Aquino. Pumasok sa politika dala ng paniniwala niyang dapat nang wakasan ang diktadurya. Siya ang kauna-unahang babaeng pangulo ng Pilipinas.

**(6)**

Tama ba lahat ang sagot mo?

Kung oo, mabilis kang kumilala ng tao, binabati kita!

Kung hindi, mahalagang pagkakataon ito para tandaan mo silang mabuti.

Balikan ang isinulat sa sariling notbuk, kumpleto ba ang mga nakopya mong impormasyon tungkol sa mga personalidad sa EDSA mula sa modyul na ito?

Narito ang mga palatandaan na kumpleto ang iyong naitala:

- ✍ nakakahon ang mga isinulat na impormasyon
- ✍ nakalagay ang bilang 1, 2, 3, 4, 5, 6 sa loob ng kahon
- ✍ nakasalungguhit ang mga salitang nagpapakilala ng paraan ng pagsasalaysay
- ✍ nakasulat sa loob ng kahon ang pangalan ng mga personalidad

Ngayon, basahin nating muli ang mga impormasyon sa kahon.

Subukan natin kung naunawaan mo ang kahulugan ng mga salitang may bilog ayon sa gamit nito sa teksto. Piliin ang pinakamalapit na kahulugan ng salitang may bilog at isulat ito sa sagutang papel.

Handa ka na bang mag-isip? Kung oo, mabuti! Kung hindi, naniniwala akong kaya mong subukan.

**Corazon C. Aquino**

Kabiyak ...anyag na lider ng oposisyong si Ninoy Aquino. Pumasok sa politika dala ng paniniwala niyang dapat nang wakasan ang diktadurya. Siya ang kauna-unahang babaeng pangulo ng Pilipinas.

**(6)**

A. kalahati
B. kapatid
C. katuwang

**Fidel V. Ramos**

Isa sa mga pinakamataas na opisyal ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas na sumuporta kay Enrile mag-alsa para laban kay Marcos noong 1986. Pagkaraan, naging ika-12 pangulo ng Pilipinas kasunod ni Aquino.

**(2)**

A. umangat
B. umalma
C. umayaw

**Juan Ponce Enrile**

Anak siya sa labas at lumaki sa hirap kaya naging matapang na gerilya noong World War II. Pagkatapos ay naging sundalo hanggang sa naging mataas na opisyal ng militar. Tumiwalag sa diktadurya ni Marcos at nanguna sa *people power*.

**(3)**

A. hindi pinatira sa loob ng bahay
B. hindi tinanggap bilang anak
C. hindi kasal ang mga magulang

**Jaime Cardinal Sin**

Makapangyarihang boses ...ng simbahang Katoliko ng Pilipinas. Siya ang humikayat sa mga tao na pumanig at bantayan ang katotohanan sa pamamagitan ng pagpunta noon sa lansangan ng EDSA.

**(1)**

A. malakas
B. maimpluwensya
C. maraming koneksyon

**Ferdinand E. Marcos**

Siya ay nagtapos ng *magna cum laude* sa U.P. at naglingkod bilang makabayan, matapang at mahusay na pinuno ng bansa. Subalit pagkalipas ng maraming taon ay nalasing sa kapangyarihan kaya naging diktador siya ng bayan.

**(5)**

A. nahilo, nalito at nataranta
B. nawala sa matinong pag-iisip
C. naging masama at mapang-abuso

Tingnan mo kung tugma ang iyong mga sagot:

Kahon 6, katuwang
Kahon 3, hindi kasal ang mga magulang
Kahon 2, umalma
Kahon 1, maimpluwensya

Kahon 5, naging masama at mapang-abuso

Tama ba lahat ang sagot mo?

Kung oo, ang husay mong mag-isip!

Kung hindi, maaari mong balikan ang mga teksto at suriin ang gamit ng mga salitang may bilog. Mayroon kang natutunan na mga bagong termino kaya may dahilan ka para magsaya! Bagay sa iyo ang nakangiti ☺!

Ipagpatuloy natin ang pamamasyal. Gamitin mo ang mga bus sa EDSA para mabalikan ang nakaraan.

Basahin at ayusin ang mga pangyayari ayon sa wastong pagkasunud-sunod. Isipin mo ang tamang *plate no.* para sa bus A, B, C at D. Isulat sa notbuk ang iyong sagot.

**EDSA- 001**

**EDSA- 002**

**EDSA- 003**

**EDSA- 004**

**A**

Taong 1983 nang umuwi sa Pilipinas si Benigno “Ninoy” Aquino subalit bala ng kamatayan ang sumalubong sa kanya. Marami ang umiyak, naglamay at nakilibing. Umabot ng 11 oras ang martsa ng mga tao para ihatid lamang ang bangkay ni Ninoy sa sementeryo at sa dami ng tao ay nagmukha itong biglaang demonstrasyon laban kay Marcos.Pagkatapos, nagka-isa ang maraming Pilipino sa mga sumunod pang protesta.

**B**

Sa pangunguna ni Juan Ponce Enrile at Fidel V. Ramos ay tumiwalag ang maliit na tropa ng militar sa ilalim ng administrasyon ni Marcos noong ika-22 ng Pebrero 1986. Katulad ng inaasahan, nanawagan ang *Radio Veritas* sa taong bayan. Pagkatapos, dumating ang mga tao para suportahan ang maliit na barikada nina Enrile sa kampo ng mga sundalo na matatagpuan sa mahabang lansangan ng EDSA.

**C**

Magkahiwalay na nagdaos ng inagurasyon sina Aquino at Marcos noong ika-25 ng Pebrero 1986. Gayon pa man, bandang alas 9:00 ng gabi, palihim nang umalis ang pamilya Marcos mula sa Malacañang patungong Guam sakay ng helikopter. Sa wakas, nagwagi ang *people power* ng mga Pilipino laban sa makapangyarihang diktador.

**D**

Tinangkilik ng simbahang Katoliko ang pagtiwalag nina Enrile sa diktadurya ni Marcos kaya mabilis na nanawagan si Cardinal Sin sa lahat ng mamamayang Pilipino. Ang lansangan ng EDSA ay napuno ng tao simula ika-23 ng Pebrero 1986. Nanalangin, nagkwentuhan, nagkantahan,nakinig ng balita, nagkapit-kamay sa pagpigil ng mga tangke. Yakapan, kamayan at iyakan. Sa bandang huli, walang dumanak na dugo dahil hindi naging marahas ang pagtatagpo ng militar at taong bayan sa EDSA.

Naisip mo na ba ang tamang *plate no.* sa bawat bus? Gusto mo na bang malaman ang tamang sagot?

Kung oo, narito ang *plate no*. para sa:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Bus A: | EDSA- 001 | Bus C: | EDSA- 004 |
| Bus B: | EDSA- 002 | Bus D: | EDSA- 003 |

Napansin mo ba ang mga sumusunod na petsa bilang palatandaan sa pagkasunud-sunod ng mga pangyayari?

| | |
|---|---|
| Bus A: taong 1983 | Bus C: ika-23 ng Pebrero 1986 |
| Bus B: ika-22 ng Pebrero 1986 | Bus D: ika-25 ng Pebrero 1986 |


Mabuti kung binigyan mo ng halaga ang mga petsang nabanggit dahil tumutulong ito sa pagtiyak na makatotohanan ang impormasyong binabasa mo.

Kung sakaling hindi mo napansin ang detalyeng ito, makatutulong kung agad mo itong hahanapin kapag nagbabasa ka ng mga pangyayari tungkol sa kasaysayan o sa iba pang kaugnay na babasahin.

Mayroong mga palatandaan na maaring makatulong sa iyo upang matukoy kung makatotohanan ang impormasyon o ideyang binabasa mo, ito ay ang mga sumusunod:

- ✍ **Numero** -halimbawa nito ay petsa, oras, bilang, timbang, atbp.
- ✍ **Lugar/Lokasyon** - halimbawa nito ay EDSA, Malacañang, Cotabato, Iloilo mga eksaktong impormasyong nagbibigay-gabay
- ✍ **Kredibilidad** -halimbawa nito ay si Cardinal Sin, Corazon Aquino, Jessica Soho dahil ang kanilang katapatan na ihayag ang katotohanan ay subok na at mapagkakatiwalaan

Handa ka na para balikan ang mga bus sa EDSA dahil alam mo na ang mga salitang nagpapakilala ng makatotohanang ideya.




Magdrowing sa sariling notbuk ng *traffic cone* at isulat sa ibabaw nito ang sagot mo:



Handa ka na ba? Kung oo, simulan mo nang hanapin ang 10 makatotohanang impormasyon sa:

Bus A: **1** **2**

Bus B: **3** **4** **5**

Bus C : **6** **7** **8**

Bus D: **9** **10**

Kumpleto na ba ang 10 *traffic cone* sa notbuk mo? Kung oo, maari mo nang tingnan kung tama ang mga impormasyong nakasulat sa ibabaw nito:

Bus A:

**taong 1983 nang bumalik si Ninoy sa Pilipinas**

**hinatid ng maraming Pilipino ang bangkay ni Ninoy sa sementeryo**

Bus B:

**ika-22 ng Pebrero 1986 nang tumiwalag sina Enrile at Ramos**

**nanawagan ang *Radio Veritas***

**kampo ng mga sundalong matatagpuan sa EDSA**

Bus C:

**alas 9:00 ng gabi nang palihim na umalis ang mga Marcos**

**ika-25 ng Pebrero 1986 nang nagdaos ng magkahiwalay na inagurasyon sina Aquino at Marcos**

**Mula sa Malacañang nagtungo sa Guam si Marcos kasama ang kanyang pamilya**

Bus D: **nanawagan si Cardinal Sin sa mamamayang Pilipino** — **simula ika-23 ng Pebrero 1986 napuno ng tao ang lansangan ng EDSA**

Tama ba lahat ang sagot mo?

Kung oo, binabati kita! Magpatuloy.

Kung hindi, maari mong tulungan ang iyong sarili. Basahin mo ulit ang mga palatandaan ng makatotohanang impormasyon sa **p.14**. Inaasahang lagi mo itong tatandaan.

Patuloy mong sabayan sa biyahe ang mga **Bus sa EDSA**.

Pagmasdan nang mabuti ang mga salita sa loob nito.
Paano tinapos ang bawat talata? Kopyahin mula sa bus A, B, C at D ang buong pangungusap na nagwawakas ng ideya sa talata.

Isulat sa notbuk ang iyong sagot.

**A**

Taong 1983 nang umuwi sa Pilipinas si Benigno "Ninoy" Aquino subalit bala ng kamatayan ang sumalubong sa kanya. Marami ang umiyak, naglamay at nakilibing. Umabot ng 11 oras ang martsa ng mga tao para ihatid lamang ang bangkay ni Ninoy sa sementeryo at sa dami ng tao ay nagmukha itong biglaang demonstrasyon laban kay Marcos.Pagkatapos, nagkaisa ang maraming Pilipino sa mga sumunod pang protesta.

**B**

Sa pangunguna ni Juan Ponce Enrile at Fidel V. Ramos ay tumiwalag ang maliit na tropa ng militar sa ilalim ng administrasyon ni Marcos noong ika-22 ng Pebrero 1986. Katulad ng inaasahan, nanawagan ang *Radio Veritas* sa taong bayan. Pagkatapos, dumating ang mga tao para suportahan ang maliit na barikada nina Enrile sa kampo ng mga sundalo na matatagpuan sa mahabang lansangan ng EDSA.

**C**

Magkahiwalay na nagdaos ng inagurasyon sina Aquino at Marcos noong ika-25 ng Pebrero 1986. Gayon pa man, bandang alas 9:00 ng gabi, palihim nang umalis ang pamilya Marcos mula sa Malacañang patungong Guam sakay ng helikopter. Sa wakas, nagwagi ang *people power* ng mga Pilipino laban sa makapangyarihang diktador.


**D**

Tinangkilik ng simbahang Katoliko ang pagtiwalag nina Enrile sa diktadurya ni Marcos kaya mabilis na nanawagan si Cardinal Sin sa lahat ng mamamayang Pilipino. Ang lansangan ng EDSA ay napuno ng tao simula ika-23 ng Pebrero 1986. Nanalangin, nagkwentuhan, nagkantahan, nakinig ng balita, nagkapit-kamay sa pagpigil ng mga tangke. Yakapan, kamayan at iyakan. Sa bandang huli, walang dumanak na dugo dahil hindi naging marahas ang pagtatagpo ng militar at taong bayan sa EDSA.


Tapos mo na bang kopyahin ang mga tamang pangungusap?

Kung oo, tingnan ang mga sumusunod kung nakopya mo sa iyong notbuk:


**A**





**B**




**C**




**D**




Anong mga <u>salita</u> ang nagwawakas ng ideya? Tama ka!
Ito ang mga palatandaan na nagwawakas ng ideya:

- pagkatapos
- sa wakas
- sa bandang huli

**Gamitin**


Masaya ka ba sa natutunan mo sa nakaraang mga gawain? Mabuti kung ganoon.


Tingnan natin kung paano mo gagamitin ang mga salitang nagpapakilala ng pagsasalaysay, makatotohanang impormasyon at nagwawakas ng ideya.

**Gawain 1:**

Sumali ka sa Dugtungang-Kwento. Tulungan mo sina Rem at Jeni na mabuo ang kanilang usapan.

Isulat sa notbuk ang iyong sagot. Handa ka na? Simulan mo na.


1
Jeni, alam mo ba, namasyal ako sa EDSA noong 1986?
Paano?
2
Tinulungan ako ng modyul.
Mabuti ka pa,
3
Gusto mo kwentuhan kita?
Gustung-gusto! Tingnan mo, handa na akong makinig!
4
(1)_______ 1986, bago magsimula ang *people power* sa EDSA, mayroong mahalagang nangyari.
Ano iyon?
5
Namatay si Ninoy Aquino nang bumalik siya sa Pilipinas noong (2)____. Matapang siyang lider ng oposisyon noong panahon ni Marcos. Alam mo, masyadong dinamdam ng mga nanay at tatay
Bakit mo nasabi 'yan?
6
Kasi ang daming Pilipinong nakipaglibing kay Ninoy. Isipin mo, umabot ng (3)___ oras ang martsa ng mga tao papuntang sementeryo.
Grabe ang tagal!
7
(4)_______ ng pangyayaring ito, nagkaisa ang mga Pilipino sa mga sumunod pang protesta. Katulad ng nangyari sa EDSA
Teka, alam kong ang tawag doon ay *people power*.
8
Kailan iyon?
Galing mo! Tama ka. Nagsimula kasi iyon nang tumiwalag sina Enrile at Ramos kay Marcos (5)___________ nanawagan si Cardinal Sin sa mga tao na pumunta sa EDSA para sumuporta.




Tapos ka na ba sa pagbuo ng usapan nina Rem at Jeni?

Kung oo, ito rin ba ang mga sagot mo?

1. Noong
2. 1983
3. 11z
4. Pagkaraan
5. hanggang sa
6. 22 Pebrero 1986
7. Pagkalipas
8. Sa wakas
9. Malacañang
10. kauna-unahang

Kumusta? Tama ba ang lahat ng sagot mo? Kung hindi, balikan mo ang mga teksto sa Linangin.

**Lagumin**

Ang Pagbabalik-Tanaw sa kasaysayan ng EDSA ay napakainam gawin para matuklasan kung nasaan nga ba ang iyong sarili, mga mahal sa buhay at kilalang mga personalidad nang maganap ang *people power* sa Pilipinas.

Nagamit natin ang kwento ng EDSA para matamo ang mahahalagang kasanayan tulad ng pagsasalaysay.



**Tandaan mo**

Makatutulong sa iyong pagsasalaysay ang mga:

1. Pang-abay na pamanahon
   halimbawa: noon, kahapon, kanina, nakaraang taon


2. Pangatnig na panapos
   halimbawa: sa wakas, pagkatapos, sa bandang huli

3. Palatandaan ng mga aktwal/makatotohanang impormasyon

   mga numero : 11 oras, 100 militar, 25 Pebrero 1986
   lugar/lokasyon : Edsa, Maynila, Malacañang
   kredibilidad : Corazon Aquino, Cardinal Sin

**Subukin**

Direksyon: Bumuo ng kwento tungkol sa naganap na pangyayari sa EDSA para sa iyong kapatid/ kaibigan. Magdrowing ng ***speech balloon*** sa sariling notbuk at doon mo isulat ang iyong kwento.



Tapos na ba ang kwento mo tungkol sa EDSA noong 1986?

Tingnan kung nagawa mo ang mga sumusunod:

- ✓ nakabuo ako ng mga pangungusap na nagpakilala ng paraan ng pagsasalaysay o pagkukwento
- ✓ nakabuo ako ng mga pangungusap na nagpakilala ng makatotohanang ideya
- ✓ nagamit ko ang mga salitang may higit sa isang kahulugan
- ✓ nagamit ko ang mga salitang nagwawakas ng ideya
- ✓ naisulat ko ng tamang pangalan at kaukulang impormasyon ng mga personalidad sa EDSA noong 1986

Kung oo, napakahusay mo! Saludo ako!

Kung hindi, may pag-asa ka pang magsanay na bumuo ng kwento. Subukan mo ulit.

**Paunlarin**

Mayroon ka bang kwento tungkol sa pakikipaglaban ng mga Pilipino para matamo ang kalayaan?

Isulat mo sa iyong notebook ang isa. Tiyaking nagsasalaysay ang iyong sulatin.

Kung tapos ka na, ipakita mo sa iyong guro ang iyong ginawa. Sasabihin niya kung tama ang iyong pagkakasulat.

## Sub-Aralin 2:

## Pagpapahayag ng mga Opinyon/ Pananaw

Ipagpatuloy mo ang pamamasyal sa mahabang lansangan ng EDSA.

Narito ka ngayon sa pangalawang kalye. Sa lugar na ito ay parang kasama o kalahok ka dahil pakiramdam mo ay isa ka rin sa mga taong nasa lansangan na maraming nakikita o nararanasan. Tawagin mo ang kalyeng ito ng *Lahok-Masid*.

Pagkatapos ng bahaging ito ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. nakapagpapahayag ng positiv na pananaw sa mga bagay-bagay
2. nakikilala at nagagamit nang wasto ang mga salita/ pangungusap na naglilipat ng isang ideya sa bagong ideya

3. natutukoy at nakabubuo ng mga salita/ pangungusap na nagpapakilala ng opinyon lamang
4. nasasabi ang kahulugan ng mga idyom.

**Alamin**

Tingnan mo ang larawan sa ibaba. Pansinin ang maraming Pilipino na lumahok sa EDSA DOS noong Enero 2001.

Ang daming tao, halika tingnan mo.



© Joei B. Alvarez. 2001. Larawang kasama ng arti kulo ni Alvarez sa ITCorkboard Newsletter. Pebrero 19. Tomo 2 Blg. 3. http://www.psi.dlsu.edu.ph/…VOL2/NO3/viewpoint.html

Alam mo ba kung ano ang *pager revolution*?

Ito ang bansag sa ikalawang pagkakataong nagkaisa ang mga Pilipino sa EDSA upang palitan ang masama o tiwaling pamahalaan. Naging mabilis ang pagdami ng tao dahil gumamit sila ng *cellphone.* Isa itong instrumento na naghahatid ng mensahe o *pager* sa paraang *texting*.

Halika, ituloy natin ang pag-uusyoso.


**Linangin**

Pagmasdang mabuti ang mga Pilipino sa lansangan.

Ipahayag ang iyong positiv na pananaw sa mga bagay-bagay na nakita mo sa litrato habang hawak nila ang mga *streamer* at plakard. Anong magandang katangian ng mga Pilipino ang naobserbahan mo sa larawan 1, 2, at 3?

Kunin ang iyong notbuk at magdrowing ng *speech balloon*. Isulat doon ang iyong sagot.


**Larawan 1**







© Mandy Navasero. 1983. Larawang kuha sa lansangan ng Maynila. Disyembre23 at 30. EDSA: *Mr. & Ms*.

**Larawan 2:**







© Mandy Navasero.1983. Larawang kuha sa lansangan ng Maynila. Disyembre23 at 30. EDSA: *Mr. & Ms.*



**Larawan 3:**





© Phillip Bontuyan. 1984. Larawang kuha sa lansangan ng San Pedro. Pebrero 10. EDSA: *Mr. & Ms.*

Tapos ka na ba sa tatlong (3) larawan?
Kung oo, basahin ang iyong isinulat sa ***speech balloon***.

Tingnan kung malapit ang iyong isinulat sa mga sumusunod:

**Larawan 1:** Nakatutuwang pagmasdan na masigla ang mga kabataang Pilipino habang nasa demonstrasyon.

Nagbibigay inspirasyon ang mensaheng nakasulat sa hawak nilang s*treamer* tungkol sa pananampalataya at katarungan sa Pilipinas

**Larawan 2:** Nakapagpapasaya ng kalooban na sabay-sabay kumakain ang lahat ng meriendang tinapay at *tetra pack juice* habang nagpapahinga sa gitna ng rali.
Nagbibigay pag-asa sa musmos na pangarap ng mga bata ang mensaheng nakasulat sa hawak nilang plakards na palayain ang kani-kanilang tatay bilang mga bilanggong politikal.

**Larawan 3:** Nakagagaan ng pakiramdam na matanaw ang abot-tengang ngiti ng mga Pilipino kahit pagod at pawisan sa gitna ng rali.

Nakapagpapalakas ng loob na may kasamang kaibigan habang hawak ang plakard na tumutuligsa sa pinunong diktador.

Revyuhin mo ang iyong mga isinulat. Nakapagpapahayag ka ba ng ilang pananaw tungkol sa mga bagay-bagay?

Nagamit mo ba ang mga sumusunod na ekspresyon o kahawig nito sa pagpapahayag ng iyong positiv na pananaw sa mga bagay-bagay?

| | |
|---|---|
| - nakatutuwang pagmasdan | - nagbibigay pag-asa |
| - nagbibigay inspirasyon | - nakagagaan ng pakiramdam |
| - nakapagpapasaya ng kalooban | - nakapagpapalakas ng loob |

Kung oo, napakainam!

**Pagkilala sa mga Modal**

Alam mo ba na marami tayong salita na maaring gamitin para maghatid ng mensahe sa paraang maayos at malinaw?

Oo, marami. Ilan sa mga ito ay ang modal. Nagagamit ang mga salitang ito sa paglilipat ng ideya sa bagong ideya. Katulad ng mga sumusunod:

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| - nais | - dapat | - ayaw | - hindi | - ibig | - maari | - pwede |

Subukan mong gamitin ang mga nabanggit na modal sa mga mensaheng nakasulat sa mga *streamer* at plakard na nakita mo sa mga litrato.

Handa ka na? Isulat sa sariling notbuk ang iyong sagot.

Tapos ka na? Kung oo, pansinin ang paglakas o paghina ng mensaheng nais iparating kapag ginamit ang iba't ibang anyo ng modal:

***Streamer* ng mga bata** (nasa Larawan 1)

Samahan Tungo sa Pananampalataya at Katarungan
Ang Tao, Ang Bayan ay Dapat Manindigan

Kung sang-ayon, ipalit sa may salungguhit:
- dapat
- maaring
- ibig
- pwedeng
- nais

Kung tutol:
- ayaw
- hindi dapat

**Plakard ng mga bata** (nasa Larawan 2)

Palayain ang Aking Tatay

Kung sang-ayon, idagdag sa unahan:
- dapat
- maaring
- ibig
- pwedeng
- nais

Kung tutol:
- ayaw
- hindi dapat

**Plakard ng mga tinedyer** (nasa larawan 3)

## Ibagsak ang Diktador

Kung sang-ayon, idagdag sa unahan:

- dapat
- maaring
- ibig
- pwedeng
- nais

Kung tutol:

- ayaw
- hindi dapat

Sa nakasulat na mga mensahe sa *streamer* at plakard ay naililipat ng modal ang ideya sa paraang:

**napakalakas** - dapat / hindi dapat
**malakas** - nais, ibig / ayaw
**katamtaman** - maari, pwede / hindi maari, hindi pwede

Ang paggamit ng modal ay kailangang angkop sa sitwasyon ng pag-uusap. Isipin muna kung sino ang kaharap mo, ano ang pakay sa kanya, paano at saan kayo mag-uusap. Bago ka mamili kung anong paraan ng paghahatid ng mensahe ang nais mong gamitin: napakalakas, malakas, katamtaman.

Bukod sa modal, mayroon pang ibang salita na makatutulong sa iyo upang higit na maging epektibo ang paghahatid ng mensahe lalo na kung ito ay may kinalaman sa pagpapahayag ng sarili mong opinyon.

Maaring gamitin ang mga sumusunod na salita:

**Tatlong Pang-abay**

1. Ang Panang-ayon ay nagsasaad ng pagsang-ayon o pagkiling.
   halimbawa:
   - oo
   - tunay
   - opo
   - sadya
   - talaga

2. Ang Pananggi ay nagsasaad ng pagtutol o pangtanggi.
   halimbawa:
   - hindi
   - ayoko

3. Ang Pang-agam ay nagsasaad ng pag-aalinlangan o di-tiyak.
   halimbawa:
   - marahil
   - baka
   - tila

Tingnan mo ulit ang *streamer* at plakard.

Sa aling mga nakasulat na mensahe sang-ayon ka, hindi ka sang-ayon o mayroon kang pag-aalinlangan?   Ipahayag ang sariling opinyon.

Isulat sa notbuk ang iyong sagot.


**Larawan 1**




**Larawan 2**




**Larawan 3**



Tapos ka na? Mayroon ka bang nais balikan at baguhin? Kung sakaling mayroon, gawin muna bago magpatuloy.

Handa ka na? Tingnan kung nagamit mo ang mga sumusunod na salitang may salungguhit sa pagpapapahayag ng sariling opinyon:

**Larawan 1:** Talagang dapat manindigan ang sambayanan para sa kawalan ng katarungan sa lipunan. Ang pananalangin at mapayapang rali ay sadyang kailangan para buhay at may kahulugan ang pananampalataya sa Diyos.

**Larawan 2:** Opo, kailangang palayain na ang mga tatay ng bata dahil sa buong mundo ay mayroong ibinibigay na amnestiya para sa mga bilanggong politikal. Ibig sabihin, pinapatawad ng pamahalaan ang mga aktibista at rebelde sa ilalim ng isang kasunduang pangkapayapaan. Sa ganoon, muling mabuo ang mga pamilyang nagkahiwa-hiwalay.

**Larawan 3:** Marahil mayroong mabigat na dahilan kung bakit nais palitan ng taong bayan ang pinuno ng pamahalaan subalit tila hindi makatwiran ang paggamit sa plakard ng salitang *ibagsak* sapagkat may dala itong mensaheng mayroong masasaktan sa paraang pisikal. Katulad halimbawa, ibagsak ang bomba!

Kung nagamit mo ang mga salitang may salungguhit sa itaas, tama ka.

Kung hindi, maari mong balikan ang listahan ng mga pang-abay sa **p.24** at tingnan kung nagamit mo ang iba pang nasa listahan.

Nagawa mo ba? Binabati kita!

Kung hindi, kaunting tiyaga pa at makakaya mo rin. Katulad ngayon, subukan mong gamitin ang mga pang-abay sa pagpapahayag ng sariling opinyon sa mga sumusunod:

"**Bawat problema ay nasosolusyonan!"**
**"Sa pagkakamali ay maraming matututuhan."**
**"Ang pagsisinungaling ay laging kasalanan."**

Isulat ang sagot sa iyong notbuk.

Tapos ka na?
Nagamit mo ba ang mga pang-abay? Mabuti, binabati kita!

Tunay na mahabang lansangan ang EDSA kaya naman maraming Pilipino ang nag-iwan ng yapak dito noong Pebrero 1986 at Enero 2001.

Nais mo bang mag-iwan din ng bakas sa EDSA? Gawin ang bawat hakbang para makasama sa *Alay-Lakad* habang binabasa ang mga pahayag. Magsimula sa <u>pinakababa</u>.

"Nagawa ko, Yipee!"



5 Ang mga taong **may kaya sa buhay** ay lalong pagpapalain ng Maykapal kung marunong dumamay at magmalasakit sa mahihirap

4 Maraming Pilipino ang **nagdidildil ng asin** na dapat pagtuunan ng pansin ng pamahalaang Arroyo.

3 Sa gitna ng kapangyarihan at kayamanan ni Erap ay wala siyang nagawa sa **biro ng tadhana** nang makasuhan siya sa bintang na korapsyon at walang pahintulot na makapagpyansa.

2 **Suko hanggang langit** ang naramdamang galit ng mga Pilipino kay Marcos kaya lumaganap noong dekada '80 ang sigaw ng bayan… "Tama na. Sobra na. Palitan na!"

1 Dahil sa paninindigan ni Ninoy Aquino ay hindi siya **natalian sa ilong** ng dating pangulong Ferdinand Marcos.

Natandaan mo ba ang mga salitang **bold** ang pagkasulat?

Ito ang mga halimbawa ng idyom:

natalian sa ilong
**suko hanggang langit**
**biro ng tadhana**
**nagdidildil ng asin**
**may kaya sa buhay**

Ano ang idyoma?

> Ang IDYOMA ay mga pahayag na taglay ang natatanging kahulugan na naiiba sa pariralang pinag-uusapan at hindi pagsasama-sama ng kahulugan ng mga salitang bumubuo sa mga ito.


Narito ang kahulugan ng limang idyoma na nasalubong mo sa *Alay-Lakad* :

**may tali sa ilong** - nasa ilalim ng kapangyarihan, kontrolado
**suko hanggang langit** - matindi, sobra, sukdulan, labis
**biro ng tadhana** - pagsubok ng Diyos, matinding problema
**nagdidildil ng asin** - naghihirap, naghihikahos, nagigipit sa buhay
**may kaya sa buhay** - mayaman, mariwasa, maginhawa sa buhay

Dagdagan pa natin ng sampung idyoma:

**itaga sa bato** - isaisip/ tandaan habambuhay
**makunat** - mahirap hingan, kuripot
**panakip-butas** - pamalit, pansalo sa nabakanteng kalalagyan
**may krus sa dibdib** - mapagpatawad, mapagpaumanhin
**pabalat-bunga** - kunwari lamang, hindi totoo, balatkayo
**maagaw ang korona** - makuha ang karangalan sa dating kampeon
**nahuli sa sariling bibig** - nasabi ng sariling bibig ang katotohanan
**patabaing baboy** - ayaw magtrabaho, tamad
**wala sa kalingkingan** - malayung-malayo sa pinagpaparisan
**hipong tulog** - umaasa lamang sa kapalaran

Ngayong alam mo na ang ilang halimbawa ng idyom ay subukan natin kung nauunawaan mo ang kahulugan ng mga ito.
Kumpletohin ang iniisip ni Deloy. Pumili sa ibaba ng tamang Idyoma para sa patlang. Isulat sa notbuk ang iyong sagot.



Kahit na ________________(1) ang kahirapan ng isang tao ay mahalaga na mayroon pa rin siyang prinsipyo sa buhay at hindi maaring (2) ng sinuman, kahit na ang mga (3). Dahil mayroong dignidad sa gitna ng ____________(4) kung patuloy na nagsisikap at nagtityaga. Sa kabila ng pagharap sa ______________(5) ay patuloy na umasa at magtiwala para sa magandang bukas.

Napili mo ba ang mga sumusunod na idyoma?

| | |
|---|---|
| talian sa ilong | biro ng tadhana |
| pagdidildil ng asin | suko hanggang langit |
| may kaya sa buhay | |

Tama ka!

**Gamitin**

Masaya ka ba sa natutunan mo sa nakaraang mga gawain? Mabuti kung ganoon.

Tingnan natin kung paano mo gagamitin ang mga salitang makatutulong sa pagpapahayag ng positiv na pananaw, paglilipat ng isang ideya sa bagong ideya (modal) at paglalahad ng opinyon.

**Gawain 1:**

Pagmasdang mabuti ang litrato. Kung handa ka na, ilahad ang personal na obserbasyon at sariling opinyon tungkol dito.

Isulat sa notbuk ang iyong sagot.



© http://www.seasite.niu.edu/Tagalog/Noel's%20Images/edsa1.jpg

Tapos ka na?

Nagamit mo ba ang karamihan sa mga sumusunod na salita? Kung oo, binabati kita!

- nakatutuwang pagmasdan
- nagbibigay inspirasyon
- nakapagpapasaya ng kalooban
- nagbibigay pag-asa
- nakagagaan ng pakiramdam
- nakapagpapalakas ng loob

- nais
- ayaw
- ibig
- dapat
- hindi
- maari
- pwede

- oo
- opo
- tunay
- sadya
- talaga
- hindi
- ayoko
- marahil
- baka
- tila

**Lagumin**

Lagumin natin ang ating natutuhan sa sub-aralin ito;

**Tandaan mo**

Makatutulong sa paglalahad mo ng paninindigan ang:

1. Mga salitang nagpapahayag ng positiv na pananaw
   halimbawa: nakabubuti, nagbibigay pag-asa, nakatutulong

2. Mga Modal
   halimbawa: dapat, nais, gusto, maari,pwede, ayaw, hindi

3. Mga Pang-abay

   Panang-ayon : oo., opo, tunay, sadya, talaga
   Pananggi : hindi, ayoko
   Pang-agam : marahil, tila, baka

**Subukin**

Direksyon: Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng teksto. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kasunod:

**EDSA DOS**
ni: Alona Jumaquio-Ardales

Halos 15 taon ang pagitan ng EDSA DOS noong Enero 2001 sa *people power* ng EDSA noong Pebrero 1986. Muling nagtagpo sa Epifanio de los Santos Aveñue o EDSA ang mga Pilipino. Para sa maraming may *cellphone*, tinawag na *pager revolution ( for good reason)* ang EDSA DOS dahil sa mabilis na pagkalat ng humigit kumulang na 10 milyong *text messages kay*a ang resulta ay nagrali ang halos isang milyong Pilipino sa EDSA *Shrine* upang isigaw ang "ERAP RESIGN!"

Dahil sama-samang kumilos ang mga Pilipino, lalo na ang mga kabataan, gayundin ang mga propesyunal, doktor, kaguruan, abogado, ngunit, tila hindi kasama ang mga pinakapobreng Pilipino na naniniwala pa rin sa 63-taong si Joseph Estrada, ay naluklok sa pagkapangulo ang 53-taong si Gloria Macapagal-Arroyo na dating bise-presidente ng bansa. Bunga ito ng deklarasyon ng korte suprema, sa pangunguna ng Kataas-taasang Hukom Hilario Davide, na sundin ang pasya ng taong bayan na magbitiw si Joseph "ERAP"Estrada at idineklara ng korte na bakante ang posisyon ng presidente kaya legal itong napunta sa pangalawang pangulo.

Marahil suko hanggang langit ang pagkamuhi ni Gloria sa korapsyon at tiwaling administrasyon ni Erap kaya naman nangako siya sa kanyang panunumpa bilang bagong presidente, "*we must change the character of our politics to create true reforms and restore moral standards* (dapat nating baguhin ang uri ng politika upang magkaroon ng pagbabago sa gobyerno at maibalik ang mataas na antas ng moralidad).

Sa gitna nito, nanatiling tahimik si Erap at hindi siya nagbigay ng anumang personal na pahayag sa publiko. Subalit pagkalipas ng 3 buwan, Mayo 2001, nagkaroon ng marahas na rali tulad ng pambabato sa tao at gusali, paninira ng sasakyan ng *media*, pagibitiw ng masasamang salita, labis na pagdumi sa EDSA *Shrine* at iba pa. Nagpakilala ang grupong ito bilang mga

tagasuporta ni Erap at sa kanilang palagay ay sila ang tunay na masang Pilipino at iyon ang EDSA **3**.

Bibliografi: http://www.time.com/time/asia/magazine/2001/0129/cover1.html

- Pagkatapos mong basahin ang teksto tungkol sa EDSA DOS, sang-ayon ka ba na tawagin itong *pager revolution*? Bakit?
- Totoo kaya na hindi lumahok ang mga pinakapobreng Pilipino sa EDSA DOS?
- Tunay kaya ang pagkamuhi si Gloria Arroyo sa korapsyon ni Erap Estrada?
- Sadya bang nagkaroon ng EDSA **3**?

Bumuo ng sariling paninindigan. Isulat sa notbuk ang iyong sagot.

Kumusta, tapos ka nang magsulat? Mayroon ka pa bang nais balikan at idagdag?

Gawin muna bago magpatuloy.

Kung handa ka na, tingnan kung nagawa mo ang mga sumusunod:

- ✓ Nakapagpahayag ako ng positiv na pananaw sa mga bagay-bagay.
- ✓ Nagamit ko nang wasto ang mga modal o salitang naglilipat ng isang ideya sa bagong ideya.
- ✓ Nakabuo ako ng mga pangungusap na nagpapakilala ng opinyon.
- ✓ Nagamit ko ang mga idyom sa pangungusap.

Kung oo, napakahusay mo! Saludo ako!

Kung hindi, may pagkakataon ka pang magsanay para maging malinaw ang iyong paninindigan. Subukan mo ulit.

**Paunlarin**

Ang pagbabahagi ng sariling opinyon ay mahalaga. Ganoon din naman ang pakikinig sa opinyon ng iba.

Sikaping makahanap ng pagkakataon na maari mong marinig ang boses ng iyong kaibigan, kapamilya, kababaryo/kabarangay o kababayan. Mula sa kanila ay mapakikinggan mo ang boses ng masa tungkol sa kahit anong paksa o usapan, personal man o panlipunan.

Maaari mo itong makuha mula sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Panonood ng telebisyon
- Pakikinig ng radyo
- Pagbabasa ng dyaryo
- Pakikinig sa diskusyon

Kopyahin sa notbuk ang listahan. Lagyan ng tsek ang nakuha mong impormasyon habang o pagkatapos makinig.

"BOSES NG MASA"

**Lagyan ng √ ang nakuhang impormasyon.**

A. PAKSA NG USAPAN

__ tungkol sa isang tao/pamilya

__ tungkol sa isang grupo/pamayanan

__ tungkol sa buong Pilipinas

B. PARAAN NG PAGBABAHAGI NG OPINYON

__ taglay ang positiv na pananaw (mabuti, magalang)

__ di taglay ang positiv na pananaw (galit, nagmumura)

__ gumamit ng napakalakas na modal (dapat/ di dapat)

__ gumamit ng malakas na modal (nais, ibig/ayaw)

__ gumamit ng katamtamang modal (maari, pwede/di maari)

__ gumamit ng pang-abay na panang-ayon (opo, oo, tunay, sadya,talaga)

__ gumamit ng pang-abay na pananggi (hindi, ayoko)

__ gumamit ng pang-abay na pang-agam (marahil, baka, tila)

Makinig nang husto.  Pagbutihin!

## Sub-Aralin 3

### Pagbibigay-Puna/ Reaksyon sa Mga Ideya

Layunin:

Napakaganda ng interes at tiyaga na ipinakita mo sa nakaraang mga gawain.  Kaya tuwang-tuwa ako at narito ka na sa huling bahagi ng modyul.

Tawagin mo ang bahaging ito na ***Sulyap-Bukas*** sapagkat nakatingin o nakatanaw sa kinabukasan ang mga gawaing nakapaloob dito.

Matutuklasan mo rito na kahit bata ay mayroong mahalagang kontribusyon para sa bansa. Isipin mong mabuti na mayroon kang munting kapangyarihan para baguhin ang Pilipinas tungo sa mapayapa at masayang buhay.

Kaya pagkatapos ng bahaging ito ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:


1. naiuugnay ang paksa/ kaisipang nakalahad sa teksto sa mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan
2. nabibigyang-puna ang mga ideya/ kaisipang nakapaloob sa teksto
3. naipapahayag ang mga panukala o proposisyon
4. nabibigyang-reaksyon ang mga panukala o proposisyon


**Alamin**


Isipin mo na may hawak kang ulap ngayon at espesyal ang pagkakataong ito para bumuo ng pangarap.  Kung ikaw ang magpapasya, ano ang tatlong pangarap na gusto mo para sa mga batang Pilipino?


Bumuo ng *Ulap ng Pangarap*.

Isulat sa notbuk ang iyong sagot.









Kung tapos ka na, basahin nang tahimik ang isinulat sa notbuk.
Anong pakiramdam mo pagkatapos basahin ang nabuo mong pangarap?



*masaya*



*magaan*



*inspirado*



*puno ng pag-asa*

Mabuti kung naramdaman mo alinman sa mga ito sapagkat positibong enerhiya ang ibinigay sa iyo ng emosyong naranasan mo. Mahalaga na mayroong pangarap ang isang batang katulad mo di ba?

Tungkol saan ang pangarap mo? Narito ang pangarap ng ilang taong tulad mo. Kahawig nito ang isinulat mo?

May kasama kang nangangarap!

Sana lahat ng batang Pilipino ay may disenteng tirahan, hindi nagugutom, ginagamot kapag may sakit at may oras para maglaro.

Sana lahat ng batang Pilipino ay nakapag-aaral nang maayos, ligtas at at payapang nabubuhay sa kanyang tahanan at pamayanan.

Sana lahat ng batang Pilipino ay iginagalang, tinatanong at pinapakinggan sa loob ng bahay gayundin sa telebisyon, radyo, dyaryo at paaralan.

**Linangin**

Isa sa mga ekspresyon ng pangarap ay makikita sa paglikha ng kanta. Mahalaga ang ritmo at mensahe ng awit sa buhay ng tao dahil pinagagaan nito ang pakiramdam ng indibidwal sa panahong tila sinusubukan ng Diyos ang kakayahang magtiwala at umasa sa kanyang biyaya. Kaya naman naging bahagi ang awit sa kasaysayan ng EDSA dahil nagbigay ito ng inspirasyon sa maraming Pilipino upang lagpasan ang krisis sa bansa noong panahong iyon. Narito ang *lyrics* ng awit, basahin:

**"MAGKAISA"**
Mga Komposer: *Tito Sotto, Homer Flores, E. del Peña*
Umawit: *Virna Lisa*

Noon, ganap ang hirap sa mundo
unawa ang kailangan ng tao
ang pagmamahal sa kapwa ilaan

Isa lang ang ugat na ating pinagmulan
tayong lahat ay magkakalahi
sa unos at agos ay huwag padadala

<u>KORO 1</u>
Panahon na ng pagkakaisa
kahit ito ay hirap at dusa

<u>KORO 2</u>
Magkaisa (may pag-asa kang matatanaw)
at magsama (bagong umaga't bagong araw)
kapit-kamay (sa atin s'ya'y nagmamahal)
sa bagong pag-asa
ngayon, may pag-asang natatanaw
may bagong araw, bagong umaga
pagmamahal ng Diyos isipin mo tuwina
***[Ulitin KORO 1 & 2]***

<u>KORO 3</u>
(Magkaisa) May pag-asa kang matatanaw
(at magsama) bagong umaga't bagong araw
(kapit-kamay) sa atin s'ya'y nagmamahal
(sa bagong pag-asa)

<u>KORO 4</u>
Panahon na (may pag-asa kang matatanaw)
ng pagkakaisa (may bagong araw, bagong umaga)
kahit ito (pagmamahal ng Diyos isipin mo tuwina)
ay hirap at dusa

<u>KODA</u>
Magkaisa at magsama
kapit-kamay sa bagong pag-asa
Magkaisa

Madalas kantahin ang “Magkaisa” noong nagkaroon ng *people power* sa EDSA. Napapanahon pa rin ang mensahe ng awiting ito para sa Pilipinas. Kaya sa ikalawaang pagkakataon, basahin ulit ang *lyrics* at kung mayroong *cassette tape* o *compact disc,* pakinggan.

Tapos mo na bang basahin o pakinggan ang kanta?

Ano ang pinakamahalagang mensahe ng awit para sa mga Pilipino?
Pagkakaisa, di ba?

Paano maipakikita ng mga Pilipino ang pagkakaisa ayon sa awit?
Unawain at mahalin ang kapwa, tama.
Isa pa? Magkapit-kamay sa hirap at dusa, di ba?

Bakit mahalagang magkaisa ang mga Pilipino batay sa *lyrics*?
Ganito ba ang sagot mo?
Iisa lang ang Diyos na pinagmulan ng ating lahi
Nagbibigay ito ng bagong pag-asa

Kung oo, tama ka, nakuha mo ang eksaktong sagot.

Isinasabuhay pa ba ng maraming Pilipino ang mensahe ng awit tungkol sa :

pag-unawa at pagmamahal sa kapwa? Sa aking palagay…

| |
|---|
| *Sa aking palagay* ay mayroon pa ring mga Pilipino na umuunawa’t nagmamahal sa kapwa *dahil* may mga programa sa telebisyon na nagsasagawa nito *katulad* ng “Kapwa ko, Mahal ko.” |

Tungkol naman sa pagkakapit-kamay sa gitna ng hirap at dusa?

| |
|---|
| *Sa tingin ko*, matibay pa rin ang pananampalataya at pag-asa sa buhay ng mga Pilipino *sapagkat* lagi pa ring nakangiti ang nakararami sa kabila ng mga pagsubok sa buhay *katulad* ng mga batang lansangan. |

Batay sa…

| |
|---|
| *Batay sa aking pagmamasid*, tila hindi isinasabuhay ang pagkakapit-kamay o pagtutulungan sa gitna ng hirap at dusa *mangyari* marami pa ring Pilipino ang walang makain at matirahan sa kasalukuyan, *halimbawa,* ang mga pamilyang natutulog sa kariton o sa gilid ng kalye. |

May pananalig pa rin ba sa Diyos ang mga Pilipino? Siyempre mayroon. Sa tingin ko…

Balikan mo ang ilang pangungusap sa usapan natin. Ano ang mga salita at parirala ang nakasulat nang *pahilig*?

Narito ang listahan.

| A | B | C |
|---|---|---|
| *Sa aking palagay………………………* | *dahil…………………* | *katulad* |
| *Batay sa aking pagmamasid…………* | *mangyari……………* | *halimbawa* |
| *Sa tingin ko……………………………* | *sapagkat ……………* | *katulad* |

Mayroon ka bang napansin sa pwesto ng mga salitang ito?

Ang mga pariralang nasa kolum A ay matatagpuan sa pinakaunahan ng talata at ginamit bilang pananda para ipakilala ang paksa/kaisipang iuugnay sa kasalukuyang panahon.

**A**

*Sa aking palagay………………*
*Batay sa aking pagmamasid…..*
*Sa tingin ko…………………...*

Samantalang ang … gpuan sa gitnang talata at ginamit bilang pananda para il … akaugnay o di- pagkakaugnay ng paksa/kaisipan sa kasalu …

**B**

*….……….dahil……….…..…..*
*………….mangyari……..…..*
*…………..sapagkat………….*

Panghuli, ang mga salitang nasa kolum C ay matatagpuan sa dulong bahagi ng talata at ginamit bilang pananda para ibigay ang halimbawa o sitwasyong magpapatunay na may tiyak na kaugnayan ang ideya/kaisipan sa kasalukuyang panahon.

**C**

*……………….katulad….….*
*……………….halimbawa…..*

Mabuti kung napansin mo nang husto kung saan nakapwesto at ano ang gamit ng mga salita at pariralang ito.

Magagamit mo ang mga salita/pariralang ito upang maiugnay ang paksa/kaisipan ng binabasang teksto sa kasalukuyang panahon.

Makatutulong kung isusulat mo sa iyong notbuk ang mga salitang ito. Kopyahin mo sa listahan.

Isa pa na maaring gawin sa teksto ay pagbibigay ng puna bukod pa sa pag-uugnay ng paksa/ kaisipan sa kasalukuyang panahon.

Alam mo bang mapabibilis ang pagkilatis sa babasahing teksto kung alam mo ang mga salitang makatutulong para ilahad nang maayos ang iyong puna?

Ginagamit ang mga sumusunod na salita bilang panimula para ipakilala ang pag- bibigay ng puna tungkol sa:

**NILALAMAN**
(paksa/mensahe ng teksto)

positibo:
- *maganda*
- *mainam*
- *mabuti*
- *napapanahon*
- *akmang-akma*
- *bagay na bagay*
- *makahulugan*
- *angkop na angkop*

negatibo:
- *hindi maganda*
- *hindi mabuti*

**PARAAN**
(paggamit ng wika
at paghahanay ng mga ideya)

positibo:
- *maayos*
- *malinaw*
- *organisado*
- *maingat*

negatibo:
- *magulo*
- *malabo*
- *di maingat*
- *nakalilito*

Balikan ang *lyrics* ng "Magkaisa" at bigyan ng puna ang nilalalaman at paraan ng pagkalahad ng mensahe nito. Hindi kasama ang ritmo ng musika kung sakaling ang oportunidad mo ay pagbabasa at hindi pakikinig ng awit.

Isulat sa notbuk ang iyong sagot.

Nagamit mo ba ang mga salitang nagpapakilala ng puna sa teksto *(lyrics)*?

*Napapanahon* ang paksa ng awiting "Magkaisa" para sa mga Pilipino dahil nasa krisis ang bansa. *Mainam* ito dahil nakapagbibigay-inspirasyon o bagong pag-asa sa tao. Sadyang *mabuti* ang mensaheng ito para sa buong bayan.

> *Maingat* sa pagpili ng mga termino dahil inisip ang payak, *maikli* at *makahulugang* salita katulad ng unos, agos, ugat at unawa. *Malinaw* na nakapagpahayag ng ideya sa paraang *simple* at paulit-ulit na pagbanggit ng mga *importanteng* salita.

Mabuti kung ganoon.

Magpatuloy sa paggamit ng mga salitang nabanggit upang higit na maging malinaw ang pagbibigay ng puna sa mga babasahing texto.

Ang pagbibigay ng puna ay maaring positibo o negatibo. Kung ito ay positibo, magandang paalala para panatilihin ang taglay na katangian at ideya. Kung sakaling negatibo, mainam na pagkakataon ito para magsikap, matuto at mapaunlad ang sarili at sitwasyon.

Sa maraming pagkakataon, itinuturing na responsable at tapat ang pagbibigay ng puna kung ang kasunod nito ay paglalahad ng panukala o proposisyon upang higit na mapabuti ang isang tao, bagay o sitwasyon. Dahil sa proposisyon nagiging malawak ang pananaw ng tao sa paglutas ng iba't ibang suliranin.

Sa pagkakataong ito, hahamunin kitang mag-isip ng panukala o proposisyon para bigyang-buhay ang diwa ng ***pagkakaisa*** sa ating bansa.

Balikan ang personal mong karanasan o obserbasyon tungkol sa mga pangyayari sa Pilipinas. Mag-isip ng tiyak na proposisyon/ panukala sa mga sumusunod.

Isulat ang sagot sa iyong notbuk.

✍ Pananatiling buo ng pamilyang Pilipino

______________________________________________

______________________________________________

✍ Pagkakaroon ng kapayapaan sa Mindanao

______________________________________________

______________________________________________

✍ Pagkakaisa ng mahirap at mayamang Pilipino

______________________________________________

______________________________________________

Tapos ka na?  Mayroon ka bang nakalimutan?   Idagdag muna bago magpatuloy.

Nakabuo ka na ba ng panukala?  Nagamit mo rin ba ang mga salitang matatagpuan sa unang bahagi ng mga proposisyong katulad nito?

✍ **Pananatiling buo ng Pamilyang Pilipino**

- *Maglaan* ng isang araw na sama-samang mananalangin ang buong pamilya.
- *Magsagawa* sa paaralan ng programang lalahukan ng mga mag-aaral at kapamilya.
- *Magpatupad* ng batas na nagbibigay proteksyon sa sakramento ng kasal ng mga Pilipino.

✍ **Pagkakaroon ng kapayapaan sa Mindanao**

- *Magsagawa* ng tigil-putukan o *ceasefire* sa mga lugar na maraming sibilyan, lalo mga  bata.
- *Magplano* ng tunay at tapat na diyalogo para pag-usapan ang problema sa halip na magbarilan.
- *Magbalangkas* ang kongreso at senado ng mga batas na direktang pakikinabangan ng mga ordinaryong tao sa Mindanao.

✍ **Pagkakaisa ng mahirap at mayamang Pilipino**

- *Magkaroon* ng mga patalastas sa telebisyon, radyo, *cellphone*, sinehan, *internet* dyaryo, at iba pa, na may mensaheng makatao o para sa kapwa.
- *Magplano* ang pamahalaan ng mga gawain at programang lalahukan ng mayaman at mahirap.
- *Magtaguyod* ang iba't ibang simbahan ng kapatirang bahaginan ng biyaya sa lupa.

Malapit ba sa mga ito ang iyong sagot?
Kung oo,  mahusay kang maglahad ng panukala. Binabati kita!

Malaking tulong sa bisa at linaw ng pagpapahayag ng proposisyon ang paggamit ng mga sumusunod na salita bilang panimula sa bawat panukala:

| | |
|---|---|
| *-maglaan* | *-magtaguyod* |
| *-magplano* | *-magpatupad* |
| *-magkaroon* | *-magsagawa* |
| *-magbalangkas* | |

Higit na mabuti ang natatamong desisyon tungkol sa mga nakahaing panukala para sa isang suliranin kung ito ay napag-usapan at nakatanggap ng maraming reaksyon mula sa iba't ibang panig.

Ang pagbibigay ng reaksyon ay hindi para tumuligsa kundi upang maglahad ng obhetibong pananaw tungkol sa isang bagay na ang pakay o sadya ay tumulong na mapabuti ang tao, bagay at sitwasyon.

Makatutulong sa pagbibigay ng reaksyon tungkol sa proposisyon ang paggamit ng magalang na mga ekspresyon bilang panimula:

- *Mawalang galang na……*
- *May katuwiran ka ngunit……*
- *Mainam kung marinig mo rin ang……*
- *Paumanhin subalit hindi ako sang-ayon……*

Subukang kilatisin ang mga sumusunod na reaksyon tungkol sa proposisyong may kinalaman sa ***pagkakaisa*** ng mga pamilya, Kristyano, Muslim, militar, rebelde, mahirap at mayaman sa Pilipinas.

Alin sa mga sumusunod ang mabuting reaksyon? Kopyahin sa notbuk ang sagot.

- *Naku! Napakahirap naman* ng naisip mo na magplano ang pamahalaan ng gawain at programg lalahukan ng mga mayaman at mahirap dahil abalang-abala ngayon ang gobyerno sa ibang mas mahalagang bagay.

- *May katuwiran ka ngunit* maraming pamilyang Pilipino ngayon ay abalang-abala sa pagtatrabaho para matugunan ang kanilang pangaraw-araw na pangangailangan.

- *Mawalang galang na*, hindi kaya delikado kung may tigil-putukan kasi magka-karoon ng pagkakataon na samantalahin ito ng masasamang loob katulad ng mga kidnaper.
- *Suntok sa buwan (imposible) ang ideya mo*! Hindi papayag ang simbahan na ma-kialam sa biyaya sa lupa dahil ang tuon ng kanilang institusyon ay biyaya sa langit katulad ng yamang ispritwalidad.

- *Paumanhin subalit hindi ako sang-ayon* na magbalangkas ang senado at kongreso ng direktang tulong sa Mindanao dahil hindi pa handa ang mga tao roon.

Ito ba ang mga kinopya mo sa notbuk?

- *May katuwiran ka ngunit* maraming pamilyang Pilipino ngayon ay abalang-abala sa pagtatrabaho para matugunan ang kanilang pangaraw-araw na pangangailangan.

- *Mawalang galang na*, hindi kaya delikado kung may tigil-putukan kasi magka-karoon ng pagkakataon na samantalahin ito ng masasamang loob katulad ng mga kidnaper.

- *Paumanhin subalit hindi ako sang-ayon* na magbalangkas ang senado at kongreso ng direktang tulong sa Mindanao dahil hindi pa handa ang mga tao roon.

Tama ka!

**Gamitin**

Natatandaan mo ba ang mga salitang makatutulong sa iyo para mag-ugnay ng texto sa kasalukuyang panahon? Magbigay ng puna? Maglahad ng proposisyon at magpahayag ng reaksyon tungkol dito? Kung nakalimutan, balikan at basahin ulit ang mahahalagang impormasyon sa **p.39, 41** at **42.** Kung handa na, maari nang magpatuloy.

Tulungan mo si Islaw Batingaw na mabuo ang kanyang pahayag bilang batang Pilipinong may sariling karanasan, pananaw, panukala at reaksyon tungkol sa Pilipinas.

Isulat sa notbuk ang tamang salita.

> Ang pakikipagkapwa sa Pilipinas ay mananatiling buhay ______________(1) buo pa rin ang pananampalataya at pag-asa ng maraming Pilipino_______(2)______sa kalagayan ng bansa ngayon na muling sariwain at palaganapin ang mensahe ng awiting "Magkaisa." (3) ang gobyerno ng mga programang mabuti para sa lahat ng mamamayan, lalo na sa mga bata. __________(4) ng sapat na pondo para sa mga ordinaryong tao, unahin ang edukasyon at serbisyo publiko. ___________(5) sa tiwaling pamahalaan dahil marami kaming batang gutom, maysakit at mangmang. Kaya nawa, pakinggan ang aking hiling, kupkupin kami at pag-aralin.

Napili mo ba ang mga sumusunod na salita:

(1) sapagkat/ dahil; (2) akma/angkop/napapanahon; (3) magtaguyod/magsagawa;
(4) maglaan/ magkaroon; (5) paumanhin subalit hindi ako sang-ayon

Kung oo, tama ka!

**Lagumin**

**Tandaan mo**

Makatutulong sa pagpapahayag mo ng pangarap ang :

1. Mga salitang pananda sa pag-uugnay ng texto sa kasalukuyan
   *Sa aking palagay…… dahil…… katulad*
   *Sa tingin ko…… sapagkat …… halimbawa*

2.. Mga salitang pantulong sa pagbibigay-puna
   *mabuti, maganda, napapanahon, hindi maganda* (sa halip na 'pangit'), *hindi mabuti* (sa halip na 'masama'), *malinaw, maayos, maingat*

3. Mga salitang nagpapakilala ng proposisyon
   *maglaan, magplano, magkaroon, magsagawa, magtaguyod, magpatupad, magbalangkas, magbigay*

4. Mga magalang na ekpresyon ng reaksyon
   *mawalang galang na pero…, may katuwiran ka ngunit…, mainam kung marinig mo rin ang…, paumanhin subalit hindi ako sang-ayon…*

**Subukin**

Direksyon: Subukang manahimik at mag-isip sa loob ng 5-10 minuto. Kung handa ka na, bumuo ng sariling KREDO bilang gabay patungo sa pangarap mong Pilipinas. Isulat sa notbuk.

"Aking KREDO"

Ako ay naniniwala na ang bawat Pilipino ay ________________________________
________________________________________________________________________.

Lubos kong kinikilala ang kanyang ________________________________________
________________________________________________________________________

Ako ay naniniwala na ang bawat tao ay may ugnayan sa kanyang kapwa. Dahil dito siya ay ________________________________________________________________
________________________________________________________________________.

Bahagi ang bawat isa ng lipunang Pilipino kaya_______________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Kinikilala ko ang ugnayan ng tao sa kalikasan kaya mahalaga na ang bawat Pilipino ay_____________________________________________________________________
________________________________________________________________________

May ugnayan tayo sa Poong Maykapal kaya ________________________________
________________________________________________________________________

Bunga ng lahat ng ito, nakikita ko at kinikilala na ang bawat kabataan ay may responsabilidad sa ________________________________________________________

Tapos ka na ba sa sariling kredo?  Kung oo, basahin nang tahimik ang buong teksto.

Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod.  Isulat sa notbuk ang sagot.

1. Sa paanong paraan mo masasabing nakaimpluwensya ang Kredo sa ibang tao?
2. Ano ang maaring epekto/dulot ng Kredo sa mga batang tulad mo?
3. Ilang proposisyon ang binanggit ng Kredo?  Ano ang masasabi mo tungkol dito?

Nasagutan mo na ba ang lahat ng tanong? Mayroon ka pa bang nais balikan at idagdag? Gawin muna bago magpatuloy.

Handa ka na?  Tingnan kung nagawa mo ang mga sumusunod:

- ✓ Naiuugnay ang ideya/kaisipan ng texto sa mga pangyayaring nagaganap sa kasalukuyan.
- ✓ Nakapagbigay-puna sa mga ideya/ kaisipang nakapaloob sa texto
- ✓ Nakapagpahayag ng mga panukala o proposisyon.
- ✓ Nakapagbigay-reaksyon sa mga panukala o proposisyon.

Kung oo, napakahusay mo!  Saludo ako!

**Paunlarin**

Kung may oportunidad, panoorin ang premyadong pelikulang *"Munting Tinig"* ni Gil M. Portes sa pangunguna ni Alessandra de Rossi.  Tukuyin kung ano ang pangarap ni Melinda at ng mga bata sa pelikula.  Iugnay ito sa kasalukuyang panahon at bigyan ng puna.

Kung sakaling hindi makapanood, mayroong ibang plano/ alternatibo. Makipag-usap sa pinakamalapit mong kaibigan o kamag-anak. Alamin ang kanyang mga pangarap sa buhay at pagkatapos ay subukan mong magbigay ng puna at reaksyon sa paraang mabuti at magalang.

## *Gaano ka na kahusay?*

Malapit ka na sa *finish line.*

Subukan natin kung gaano na kalawak ang natutunan mo.

Direksyon: Piliin ang angkop na salita/parirala na nasa palad at isulat sa patlang upang mabuo ang kwento ni Jigs.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Kasi** | **sapagkat** | **tila** | **pagkaraan** | **panahong** |
| **Sa wakas** | **noong** | **nang** | **dahil sa** | **hanggang sa** |

Nakatutuwa para akong naglakad sa EDSA ___________ nagkaroon ng *people power* at *pager revolution.*

Alam mo ba, naulit ang *people power* sa EDSA DOS ____________ ng halos 15 taon?

Nagkaisa ang mga Pilipino _____________ pagkamatay ni Ninoy Aquino, ang matapang na lider ng oposisyon. Marami at sunud-sunod na demonstrasyon ang nangyari sa mga lansangan _____________ dumating ang sandali na ________ nakonsensya na sina Juan Ponce Enrile at Fidel Ramos ________ tumiwalag sila sa administrasyon ng diktador na si Marcos _______ Pebrero 22,1986.

Grabe,nakakabilib! _________walang dumanak na dugo sa lansangan ng EDSA kahit nagpadala ng _____________ iyon si Marcos ng mga tangke sa labas ng Kampo Krame. Ang sarap alalahanin na ang lahat ng mga Pilipino, mahirap at mayaman, ay sama-samang nanalangin at nagbantay sa loob ng 3 araw.

___________, dumating ang hinihintay ng taong bayan, bumaba rin sa pwesto si Marcos bandang alas 9:00 ng gabi. Nagsaya ang buong bansa!



Direksyon: Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng texto at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sagutnang papel ang mga sagot.

## Talumpati ni PGMA bilang Ika-14 na Pangulo ng Republika ng Pilipinas

EDSA Shrine, Ortigas Aveñue, Enero 20, 2001
Textong hango mula sa orihinal at isinalin sa Filipino
ni: *Alona Jumaquio-Ardales*

Mga kapatid ko dito sa EDSA at sa buong Pilipinas, buong pagpakumbaba kong tinatanggap ang pribilehiyo at responsabilidad na gumanap bilang bagong presidente ng Republika ng Pilipinas.

Natitiyak kong babalikan ng mga Pilipinong hindi pa ipinapanganak ngayon ang naganap dito sa EDSA 2001 na may pagmamalaki sa ating lahi. Katulad din ng buong paghanga nating paglingon sa pangyayari sa Mactan, Katipunan at iba pang himagsikan, sa Bataan at Corregidor, at sa EDSA noong 1986.

Ngunit saan nga ba tayo pupunta mula rito?

Unang nagbigay ng sagot ay si Jose Rizal, pinayuhan niya ang mga Pilipinong mamuhay at tumupad sa pangakong uunahin ang kapakanan ng bansa bago ang sarili.

Muli kong ihahayag ang aking paniniwala na ang ating pamahalaan ay dapat na:

1. Malakas ang loob na harapin at labanan ang kahirapan.
2. Mapabuti ang moralidad ng gobyerno bilang matibay na pundasyon ng pamamahala.

**Mabago ang uri ng politika, hindi na personalidad ang titingnan kundi mga programa**

3. at proseso ng diyalogo para sa tao upang makapagsulong ng tunay na reporma.
4. Magpakita ng magandang halimbawa ang pinuno sa pamamagitan ng masigasig na pagtatrabaho at hindi napapako sa salita, mamuhay ng disente't may dignidad

Hinihiling ko ang inyong suporta at panalangin.

Sama-sama tayong maghilom ng sugat at magbagong-buhay tungo sa pagkakaisa.

Maraming salamat, pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal.

http://www.opnet.ops.gov.ph/speech-2001jan20.htm

Tanong:

1. Bakit nagbigay ng talumpati si PGMA o Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo?


2. Sang-ayon ka ba sa mga paniniwala ni PGMA? Bakit?

3. Sa palagay mo ba, napagbigyan ng mga Pilipino ang kahilingan ni PGMA? Patunayan.

A. Basahin at unawain nang mabuti ang hinihingi sa bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa notbuk.

1. Itinuring siyang diktador ng bayan noong dekada ’70 at ‘80.

A. 

B. 


C. 

2. Ang kauna-unahang babaeng pangulo ng Pilipinas pagkatapos ng *people power* noong 1986.

A. 

B. 


C. 

3. Ang makapangyarihang boses ng simbahang Katoliko na nanawagan sa mga Pilipino na pumunta sa lansangan ng EDSA noong 1986 para suportahan sina Enrile, Ramos at iba pang militar.

A. 


B. 


C. 

4. Ang ika-12 pangulo ng Pilipinas pagkatapos ng termino ni Aquino.

A. 

B. 

C. 


5. Ang umupong pangulo ng Pilipinas pagkatapos ng EDSA DOS noong Enero 2001.

A. 

B. 

C. 

6. Hinirang siyang hepe ng seguridad ng Ministro ng Depensa ng Pilipinas noong 1986.
   A. Fabian Ver   B. Gregorio Honasan   C. Juan Ponce Enrile

7. Sinuportahan niya ang pasya ang Ministro ng Depensa na tumiwalag sa administrasyon ni Marcos noong 1986.
   A. Fidel Ramos   B. Gregorio Honasan   C. Juan Ponce Enrile

8. Bilang Ministro ng Depensa ay nagpasya siyang pakinggan ang sigaw ng bayan kaya nanguna siya sa pagtiwalag sa diktadurya ni Marcos noong 1986.
   A. Fidel Ramos   B. Jaime Cardinal Sin   C. Juan Ponce Enrile

9. Ang lumaban kay Marcos sa eleksyon bunsod ng hangaring ibalik ang demokrasya sa Pilipinas noong 1980's.
   A. Imelda Marcos   B. Corazon Aquino   C. Gloria Macapagal-Arroyo

10. Ang dating Pangulo ng Pilipinas na nais pagbitiwin ng taong bayan noong EDSA DOS.
   A. Joseph Estrada   B. Ferdinand Marcos   C. Gloria Macapagal-Arroyo

B. Piliin ang titik ng tamang sagot upang makumpleto ang mga sumusunod na impormasyon. Isulat sa notbuk ang sagot.

11. Taong 1983 nang umuwi sa Pilipinas si Ninoy Aquino at sinalubong siya ng…
   A. banda ng musiko   B. bala ng kamatayan   C. patong-patong na kaso

12. Umabot sa 11 oras ang martsa ng mga tao para ihatid si Ninoy sa…
   A. bahay   B. kulungan   C. sementeryo

13. Sa pangunguna ni Juan Ponce Enrile at Fidel Ramos ay tumiwalag ang ilan sa mga pwersang militar sa ilalim ng administrasyon ni Marcos noong…
   A. Pebrero 21, 1986   B. Pebrero 22, 1986   C. Pebrero 23, 1986

14. Sama-samang nagkapit-kamay ang mga Pilipino para pigilan ang mga tangke sa paglusob sa Kampo Krame kaya sa bandang huli ay…
   A. maraming nasaktan
   B. walang dumanak na dugo
   C. naghanap ng ibang ruta ang mga tangke para makapasok sa kampo

15. Sa gitna ng kaguluhan noong ika-25 ng Pebrero ay magkahiwalay na nagdaos ng inagurasyon sa pagkapangulo sina Aquino at…
   A. Marcos   B. Estrada   C. Macapagal-Arroyo

16. Dahil sa *people power* ng mga Pilipino at panawagan ng pangulo ng Amerikang si Ronald Reagan ay bumaba rin sa pwesto si Marcos at nilisan ang Pilipinas sakay ng helikopter patungong…
    A. Guam    B. Saipan    C. Hong Kong

17. Sa ikalawang pagkakataon, muling nagkaisa ang mga Pilipino laban sa masama o tiwaling pamahalaan kaya nagkaroon ng *pager revolution* o EDSA DOS pagkalipas ng …
    A. 10 taon    B. 15 taon    C. 20 taon

18. Sa tulong ng *cellphone* ay mabilis na dumating sa EDSA Shrine ang mga Pilipinong humigit-kumulang sa…
    A. 500,000    B. 1,000,000    C. 1,500,000

19. Dahil sa bintang na korapsyon, nasampahan ng kaso na walang katumbas na pyansa ang dating pangulo ng Pilipinas na si…
    A. Ferdinand Marcos B. Joseph Estrada    C. Pareho

20. Sa naganap na EDSA DOS o *pager revolution*, nakuha ni Gloria Macapagal-Arroyo ang posisyong nabakante kaya naupo siya bilang bagong presidente ng Pilipinas noong…
    A. Enero 2001    B. Pebrero 2001    C. Mayo 2001

C. Piliin ang titik ng tamang sagot upang mabuo ang talata 1, 2, 3 at 4. Isulat sa notbuk ang sagot.

**Talata 1**

Ang pagkakaisa ng mga Pilipino sa kasaysayan ng EDSA ay nasaksihan ng buong mundo. Nakilala ang (A. gawaing B. pangyayaring C. pagdiriwang) ito bilang P*eople*
**1**
*Power* at P*ager Revolution*. Naipamalas ito sa (A. unang B. huling C. makalawang)
**2**
pagkakataon noong Pebrero 1986 at (A. matapos B. dumaan C. pagkalipas) ng 15 taon
**3**
ay muling nabuhay sa EDSA DOS (A. noong B. mangyaring C. pagkaraang) Enero 2001.
**4**

**Talata 2**

Hindi naging madali ang taong 1986 para sa (A. kabiyak B. kapatid C. katuwang)
**5**
ni Ninoy na si Cory Aquino na harapin ang taong katulad ni Marcos na (A. nalasing sa kapangyarihan B. nawala sa matinong pag-iisip C. naging masama at mapang-abuso)

**6**
kaya maraming Pilipino ang nasaktan, naparusahan at namatay. Subalit lahat ng bagay ay may hangganan dahil dumating din ang panahon ng (A. pag-alsa B. pag-ayaw
**7**
C. pag-alma) na sinimulan nina Enrile at Ramos na kaagad namang sinuportahan ni Cardinal Sin bilang (A. maimpluwensya B. maraming koneksyon C. makapangyarihang
**8**
boses) ng simbahang Katoliko na sinusunod ng maraming Pilipino.

**Talata 3**

Nakatulong nang husto sa P*eople Power* ang kredibilidad ni (A. Butz Aquino B. Cardinal Sin C. Doy Laurel) nang nanawagan siya sa taong bayan para suportahan
**9**
sina Enrile at Ramos sa loob ng kampo (A. Krame B. Capinpin C. El Dridge) mula sa
**10**
pag-atake ng pwersang militar ni Marcos. (A. Pagkatapos B. Pagkalipas C. Pagkasunod)
**11**
nagsimulang dumami ang tao at napuno ang mahabang lansangan ng EDSA noong (A. Pebrero 21, 1986 B. Pebrero 22,1986 C. Pebrero 23,1986). Kaya sama-samang
**12**
nanalangin, nagkwentuhan, nagkantahan at nagkapit-kamay ang mahirap at mayamang Pilipino.

**Talata 4**

Patuloy sa pagvi-*vigil* ang taong bayan para pigilan ang paglusob ng tangke sa loob ng kampo. (A. Pagkatapos B. Pagkasunod C. Pagkalipas) kausapin at bigyan ng
**13**
bulaklak ang mga sundalo ng kanilang kapwa Pilipino ay hindi natuloy ang madugong labanan. (A. Kasunod B. Patuloy C. Sa wakas), bumaba rin si Marcos sa kanyang pwesto
**14**
at nilisan ang Malacañang. (A. Kinagabihan B. Sa isang iglap C. Sa bandang huli), nag-
**15**
wagi ang kabutihan laban sa kasamaan kaya tinanghal na bayani ang maraming Pilipino.

Direksyon: Piliin ang titik ng tamang sagot upang mabuo ang diyalogo. Isulat sa notbuk ang sagot.



***Diyalogo 1***

Matalik na magkaibigan at magkasinggulang ang dalawang tinedyer.

Liam : Tinitingnan mo ba ang larawan?

Sansu : Oo. (A. Nabugnot B. Napatawa C. Gumaan) ang pakiramdam ko habang
**16**
tinitingnan ko ang litrato.

Liam : Bakit?

Sansu : Dahil sa kabila ng mainit na tensyon ay nagawa ng dalawang Pilipina na (A. mambola B. magpapansin C. magbigay pag-asa) kahit na anumang
**17**
oras ay handang lumusob ang sundalo sa Kampo Krame.

Liam : Anong epekto nito?

Sansu : Dahil sa simpleng ngiti at bulaklak ay maaring (A. mainis B. mapikon
**18**
C. mapayapa) ang tensyonadong kalooban ng sundalo at tiyak na makapagpapabago ng kanyang kilos o pasya sa oras na iyon.

Liam : Oo nga, tama ka.

***Diyalogo 2***

Ang edad ng lolo ay 80 samantalang ang kanyang apo ay 15.

Lolo : Kanina ka pa nakatingin diyan (A. baka B. tila C. talagang) nagustuhan mo
**19**
ang litrato.

Jules : (A. Oo B. Opo C. Ayaw), lolo. Kayo po?
**20**

Lolo : (A. Oo B. Opo C. Nais) ko rin, apo.
**21**

Jules : Lolo, sa tingin ko (A. ibig B. dapat C. pwedeng) tanggapin ng sundalo
**22**
ang ibinibigay na bulaklak ng mga babae bilang tanda ng pakikiisa.

Lolo : Aba! (A. Nais B. Dapat C. Maari) tanggapin ng sundalo ang mga bulaklak
**23**
dahil tanda ito ng pakikiisa sa taong bayan nang manaig ang kapayapaan sa ating bansa.

Jules : Oo nga lolo, tama kayo.

***Diyalogo 3***

Magpinsan ang dalawa at matanda ng isang taon si Rey kay Levi.

Rey : Sa palagay mo ba (A. may tali sa ilong B. may krus sa dibdib C. may kaya **24** Sa buhay) ang sundalo sa litrato?
Levi : Maari.
Rey : Sa tingin ko, wala kasi tingnan mo tinanggap niya 'yong bulaklak na binigay ng 2 babaeng sibilyan na kasama sa *people power*.
Levi : Malay mo, baka (A. pabalat-bunga B. panakip-butas C. hipong tulog) lang **25** niya 'yon.
Rey : Sa tantiya ko, bukal sa loob na tinanggap niya ang mga bulaklak dahil tila ayaw niyang kalabanin ang kapwa Pilipino.
Levi : May katuwiran ka d'yan.

D. Basahing mabuti ang texto at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na Tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa notbuk.

**Talumpati ni PGMA bilang Ika-14 na Pangulo ng Republika ng Pilipinas**
EDSA Shrine, Ortigas Aveñue, Enero 20, 2001
Textong hango mula sa orihinal at isinalin sa Filipino
ni: *Alona Jumaquio-Ardales*

Mga kapatid ko dito sa EDSA at sa buong Pilipinas, buong pagpakumbaba kong tinatanggap ang pribilehiyo at responsabilidad na gumanap bilang bagong presidente ng Republika ng Pilipinas.

Natitiyak kong babalikan ng mga Pilipinong hindi pa ipinapanganak ngayon ang naganap dito sa EDSA 2001 na may pagmamalaki sa ating lahi. Katulad din ng buong paghanga nating paglingon sa pangyayari sa Mactan, Katipunan at iba pang himagsikan, sa Bataan at Corregidor, at sa EDSA noong 1986.

Ngunit saan nga ba tayo pupunta mula rito?

Unang nagbigay ng sagot ay si Jose Rizal, pinayuhan niya ang mga Pilipinong mamuhay at tumupad sa pangakong uunahin ang kapakanan ng bansa bago ang sarili.

Muli kong ihahayag ang aking paniniwala na ang ating pamahalaan ay dapat na:

1. Malakas ang loob na harapin at labanan ang kahirapan.
2. Mapabuti ang moralidad ng gobyerno bilang matibay na pundasyon ng pamamahala.

**Mabago ang uri ng politika, hindi na personalidad ang titingnan kundi mga programa**

1. at proseso ng diyalogo para sa tao upang makapagsulong ng tunay na reporma.
2. Magpakita ng magandang halimbawa ang pinuno sa pamamagitan ng masigasig na pagtatrabaho at hindi napapako sa salita, mamuhay ng disente't may dignidad

Hinihiling ko ang inyong suporta at panalangin.

Sama-sama tayong maghilom ng sugat at magbagong-buhay tungo sa pagkakaisa.

Maraming salamat, pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal.

**http://www.opnet.ops.gov.ph/speech-2001jan20.htm**

26. Bakit nagbigay ng talumpati si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo o PGMA?
    A. nanalo siya sa eleksyon
    B. pinalitan niya sa pwesto ang napatalsik na pangulo
    C. tinaguyod ng sambayanang maluklok siya sa Malacañang

27. Paano tinanggap ni PGMA ang kanyang tungkulin bilang bagong pangulo ng Pilipinas?
    A. determinado B. buo ang loob C. mapagkumbaba

28. Paano ipinahayag ni PGMA ang kanyang panukala o proposisyon sa pamamahala ng bansa?
    A. malakas B. katamtaman C. napakalakas

29. Sang-ayon ka ba sa mungkahi ni PGMA na "sama-sama tayong maghilom ng sugat at magbagong-buhay tungo sa pagkakaisa."
    A. Makabubuti para sa lahat ang mungkahing paghilom dahil nagkahiwa-hiwalay ang paniniwala ng mga Pilipino pagkatapos ng EDSA DOS.
    B. Pangit para sa bagong luklok sa pwesto na isabay sa paghilom ng kanyang puso ang hindi pa magaling na sugat ng mga tagasuporta ng dating pangulo.
    C. Hindi mainam para sa lahat ng Pilipino ang mungkahi niyang paghilom kung sariwa pa't masakit ang sugat.

30. Sa iyong palagay, napagbigyan ba ng mga Pilipino ang hiling na suporta at panalangin ni PGMA?
    A. Sa aking palagay, hindi napagbigyan ng mga Pilipino ang kahilingan ni PGMA sapagkat marami pa ring nasasaktan at hindi masaya sa pamahalaan katulad ng mga rebeldeng Muslim sa Mindanao.
    B. Batay sa aking pagmamasid, napagbigyan ng mg Pilipino ang kahilingan ni PGMA dahil patuloy ang pagsuporta ng tao sa mga programa ng pamahalaan kagaya ng transportasyong MRT sa kahabaan ng EDSA.

C. Sa tingin ko, hindi napagbigyan ng mga Pilipino ang kahilingan ni PGMA kasi hindi lahat ng Pilipino ay nagdadasal para sa kanya, halimbawa, iba-iba  ang relihiyon ng mga Pilipino.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 15
Pagsasalaysay at Pagbuo
ng mga Reaksyon
sa mga Ideya,
Proposisyon at Panukala

Panimulang Pagsusulit

| A. KAALAMANG PANGWIKA | | B. KASANAYANG PANGWIKA | |
|---|---|---|---|
| 1. | A | 1. | A |
| 2. | C | 2. | A |
| 3. | C | 3. | B |
| 4. | C | 4. | C |
| 5. | C | 5. | C |
| 6. | A | 6. | A |
| 7. | C | 7. | A |
| 8. | A | 8. | A |
| 9. | A | 9. | A |
| 10. | A | 10. | A |

Pangwakas na Pagsusulit

A.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | A | 15. | A |
| 2. | B | 16. | A |
| 3. | C | 17. | B |
| 4. | B | 18. | B |
| 5. | A | 19. | B |
| 6. | B | 20. | A |
| 7. | A | | |
| 8. | C | | |
| 9. | B | | |
| 10. | A | | |
| 11. | B | | |
| 12. | C | | |
| 13. | B | | |
| 14. | B | | |

B.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | B | 16. | C |
| 2. | A | 17. | C |
| 3. | C | 18. | C |
| 4. | A | 19. | B |
| 5. | A/ C | 20. | B |
| 6. | A/ C | 21. | C |
| 7. | A/ C | 22. | C |
| 8. | A/ C | 23. | B |
| 9. | B | 24. | A |
| 10. | A | 25. | A |
| 11. | A | 26. | B |
| 12. | C | 27. | C |
| 13. | A | 28. | C |
| 14. | C | 29. | A/ C |
| 15. | C | 30. | A/ B |